



Kilalanin si Yvonne Yiu

Kandidato para sa Tagapamahala ng Estado

Naiintindihan and Dolyar at may Katuturan

Walang nakakaintindi sa pananalapi tulad ni Yvonne Yiu. Bilang isang matagumpay na propesyonal sa negosyo at pananalapi, na may malawak na karanasan sa pamamahala sa pananalapi at pamumuhunan, binuksan ni Yvonne ang kanyang sariling kompanya, na may higit sa \$ 1 bilyong mga ari arian sa ilalim ng kanyang pamamahala - lahat bago ang edad na 40. Siya ay dating nagsilbi bilang isang tagapayo sa pananalapi sa Charles Schwab at Citibank, Branch Manager sa E * Trade at bilang isang Regional Manager sa Merrill Lynch kung saan pinangasiwaan niya ang 5 pang-internasyonal na sangay, 53 tagapayo sa pananalapi at \$ 4 bilyon na mga ari arian.

Nakuha ni Yvonne Yiu ang kanyang BA Kurso sa Ekonomiya mula sa UCLA at ang kanyang MBA sa Pananalapi mula sa Loyola Marymount University. Nakumpleto niya ang Certified Regulatory and Compliance Professional Program sa pamamagitan ng Wharton School sa University Pennsylvania at nagtataglay ng 12 FINRA Seguridad na Lisensya pati na rin nagsisilbing isang FINRA Arbitrador.

Bilang Tagapamahala ng Estado, pangangalagaan ni Yvonne ang pananalapi ng California, tiyakin na ang pamumuhunan sa pagreretiro ng publiko ay maayos at gumagana upang magawa at makamit ng lahat ang pangarap ng Amerikano.

Nakatuon sa Kapangyarihan ng mga Pamilyang Nagtatrabaho

Kasunod ng pagkamatay ng kanyang ama nang siya ay 15 taong gulang, si Yvonne at ang kanyang pamilya ay lumipat sa Estados Unidos mula sa Hong Kong. Hindi nalilimutan ni Yvonne ang mga paghihirap na kinaharap ng kanyang ina na sinusubukang palakihin ang tatlong anak na babae na siya lamang.

Sa kabuohan ng kanyang karera, ginawa ni Yvonne na isang priyoridad na tulongan ang mga kababaihan na makamit ang literasiyang pampinansyal, na turuan silang pamahalaan ang kanilang personal na pananalapi at badyet sa sambahayan, kung paano makatipid at magbayad para sa kolehiyo at kung paano maghanda para sa seguridad sa pagretiro. Nais ni Yvonne na bumuo ng mga programa sa California upang matulongan ang mas maraming kababaihan, mga pamayanan na may kulay, mga imigrante at kabataan sa pagbuo, pag-unawa at mabisang paggamit ng mga kasanayang pampinansyal upang sila ay ligtas sa ekonomiya. Kasama rito ang pagbaba ng gastos sa matrikula sa kolehiyo, magbigay ng pagsasanay sa pagpapalano sa pananalapi at pagtuturo sa mga kabataan nang maaga - kahit na sa mataas na paaralan ng secondarya - kung paano planuhin at pamahalaan ang kanilang pananalapi.

Nakatuon sa Paggawa ng Pananagutan ng Pamahalaang isang Katotohanan

Kinikilala ni Yvonne ang kahalagahan ng hayagan at pananagutan pagdating sa mga pampublikong pera. Sa kanyang sariling mga kompanya sa pamumuhunan, kinailangan ni Yvonne na magsagawa ng panloob na mga pag-odit at maghanda ng malalaking pag-odit taun-taon para sa Financial Industry Regulatory Authority (FINRA), ang Securities and Exchange Commission (SEC) at ang Estado ng California. Bilang Tagapamahala ng Estado, titiyakin niya ang pananagutan at hayagan sa pamahalaan at pananalapi ng estado sa pamamagitan ng pinabuting teknolohiya at komunikasyon sa onlayn.

Naiintindihan ni Yvonne na kailangan nating ibalik ang ating ekonomiya sa pagsunod sa COVID-19 pandemya habang nagtatrabaho kami upang isara ang lumalaking agwat ng ekonomiya sa pagitan ng mga mayayaman at mahirap sa California. Tutulungan niyang matiyak na ang aming mga paaralan ay may mga mapagkukunan upang muling buksan nang ligtas at ang mga maliliit na negosyo ay may suporta na kailangan nila habang nagbibigay ng pagsasanay sa trabaho at pagkakataon para sa mga wala sa trabaho.

Ang mga Nagtatrabahong Ina ay ang Gulugod ng ating Estado

Si Yvonne ay naging inspirasyon ang karera ng kanyang sariling ina bilang isang nars. Tulad ng napakaraming iba pang mga ina sa California, si Yvonne ay laging may karera habang pinalalaki ang kanyang pamilya. Mayroon siyang kambal 2-taong-gulang na lalaki at isang 20-taong-gulang na anak na nagtatrabaho sa National Institute of Health bilang isang mananaliksik sa kanser. Ang asawa ni Yvonne, si Dr. Albert Young, ay isang M.D at Punong Opisyal ng Pamahalaang sa Allied Pacific ng California IPA.

Sinimulan ni Yvonne ang kanyang karera sa serbisyo publiko sa Monterey Park Konseho ng Lungsod kung saan siya ay kasalukuyang nagsisilbing Mayora. Bilang Tagapamahala ng Estado ay magpapatuloy siyang nagtatrabaho upang matiyak na ang mga pamilya ay may akses sa kalidad ng pangangalaga sa bata, pabahay na abot-kaya, pag-akses sa isang mahusay na edukasyon at ng pagkakataon para sa isang mahusay na trabaho sa pangangalaga sa kalusugan at pagreretiro.